


Paggamit ng myVirtualCare

Bibigyan ka ng isang pang-ugnay (link) upang sumali sa pagkonsulta. Magbukas ng isang katugmang browser (tingnan ang TIP sa ibaba), at pagkatapos ay sundin ang link at ang mga hakbang upang kumonekta sa iyong tipanan (appointment).

1. Ilagay ang iyong mga detalye at ipakilala ang iyong tungkulin sa pamamagitan ng 'dropdown' na listahan.
2. I-klik ang **Next (Susunod)** na pindutan.







TIP

Ang matagumpay na koneksyon sa myVirtualCare ay depende sa bilis ng koneksyon ng iyong internet, device at browser. Ang bilis ng pagtago (upload) at paglabas (download) ng hindi bababa sa 1Mbps ay kinakailangan. Maaari mong suriin ang bilis ng iyong koneksyon sa www.speedtest.net at siyasin ang iyong tagapaghanap (browser) sa www.whatismybrowser.com

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kinakailangang systema ay (system requirement) ay makukuha sa www.aci.health.nsw.gov.au/_data/assets/pdf_file/0018/630252/MyVirtualCare-Recommended-System-Requirements.pdf

Ang tinatayang magagamit na data sa isang 15-minutong video call ay 80MB at ang pagtawag sa audio lamang ay 10MB.


Pagkakatugma sa browser

	Apple Safari bersyon 11.1 at mas bago
	Google Chrome bersyon 80+
	Mozilla Firefox bersyon 60+
	Microsoft Edge bersyon 80+


Pagsuri sa audio at video

Awtomatikong uudyukan kang suriin ang iyong mga kagamitan sa audio at video bago ka makasali sa konsultasyon.


1. Piliin ang iyong ginustong mikropono mula sa **Audio Settings** 'dropdown'.
2. I-klik ang pindutan na **Test Microphone**, magsalita ng anumang bagay at ito ay sasabihin nang pabalik sa iyo.
3. Piliin ang iyong ginustong **Camera** mula sa **Video Settings** na listahang dropdown, --i-klik ang pindutan na **Test Video**.
4. Dapat na makikita mo na makikita sa screen ang video mula sa iyong camera.
5. Kapag kumpleto na, i-klik ang pindutan na **Next**.
6. Tasahin ang kalidad ng iyong Audio at Video at i-klik ang pindutan na **Finish (Tapos)**. Makikita ng iyong doktor (clinician) ang mga resulta ng iyong pagsusuri sa gamit. Kung mayroon kang anumang mga teknikal na isyu sa koneksyon, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo.



7. Ilagay ang oras ng iyong tipanan at kung tatanungin ka, piliin ang iyong doktor (clinician).
Ang mga tagapag-alaga ay tatanungin ng karagdagang mga katanungan.



8. Pagkatapos na mag-login, ikaw ay lilipat sa isang kunwaring hintayang silid (virtual waiting room). Pagkapasok mo, isang pasabi ay ipapadala sa iyong clinician upang ipalam sa kanila na ikaw ay naghihintay.



Mga kontrol sa tawag sa pagkonsulta

Ang mga kontrol na ito ay awtomatikong magtatago sa ilalim ng window at lilitaw uli kung buksan mo ang screen (ilipat ang mouse/galawin ang screen).



Mikropono

Kapag hindi ka nagsasalita, maaari mong patayin (mute) ang mikropono.



Chat

Maaari kang makipag-chat sa pamamagitan ng pag-type sa **Chat Window** at pagpindot ng **Enter** sa iyong keyboard, o pag-klik sa simbolo (icon) na **Send (Ipadala)**.



Maaari ka ring magkabit ng mga dokumento at mga litrato sa pamamagitan ng chat window.

1. I-klik ang icon na **paper clip**.
2. I-klik ang pindutan na **Choose file to upload** at i-klik ang pindutan na **Finish**.



Pagtatapos ng pagkonsulta

Kapag natapos na ang iyong appointment, i-klik lamang ang pindutan ng telepono sa bar na **Call Control** sa ilalim ng iyong tabing ng bidyo (video screen).



1. I-klik ang pindutan na **Yes**.

Hihilingin sa iyo na kumpletuhin ang isang maikling mga katanungan kasunod ng iyong pagkonsulta. Mahalaga sa amin ang iyong mga puna tungkol sa iyong karanasan.



Health

Ugnayan (link) ng pagkonsulta

Pangalan ng klinika

Numero ng matatawagang klinika